Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:6

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MARSO 9, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes | . . . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya | . . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay nasa lakad opisyal |

## KAPASIYAHAN BLG. 075-T2009

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. GLORIA MACAPAGAL ARROYO, PANGULO NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG ISANG DAAN AT LIMAMPUNG MILYONG PISO (P150,000,000.00) UPANG MAGAMIT SA PAGPAPAPAGAWA AT PAGSASAAYOS NG MGA LANSANGANG BAYAN, KASAMA ANG MGA FARM-TO-MARKET ROAD AT MGA ALTERNATIBONG DAANG MAG-UUGNAY SA ILANG BAHAGI NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T**, binigyang-pansin at pagpapahalaga ng bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagsasaayos ng mga lansangang bayan kasama ang mga farm-to-market road at mga altenatibong daang mag-uugnay sa ilang bahagi ng bayang ito;

**SAPAGKA'T**, bilang kapital na bayan sa lalawigan ng Laguna, kinakailangang mapanatili ang kaayusan ng mga lansangan para sa kapakanan ng mga mamamayan at mga kanugnog na bayan sa lalawigang ito;

**SAPAGKA'T**, kailangan ding makapagpagawa ng mga farm-to-market road para sa kapakanan ng mga magsasakang nagdadala ng inani sa pamilihan at nakikinabang sa malaking bahagi ng lupang sakahang sakop ng bayang ito;

**SAPAGKA'T**, kailangan ding makapagpagawa ng mga alternatibong daang mag-uugnay sa ilang bahagi ng bayang ito para sa mabilis na paghahatid ng mga pasahero at makaiwas sa bigat ng daloy ng mga sasakyang karaniwang nagaganap sa kabayanan;

**SAPAGKA'T,** ang kagalingan ng bayan ay nakasalalay sa maayos na pamamahala na ang nakikinabang ay walang pangambang makakakilos nang tiwasay at may kapanatagan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Pagawaing Bayan, Inpraestraktura), na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Jun M. Asinas at Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Humiling sa Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, Pangulo ng Bansa, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P150,000,000.00 upang magamit sa pagpapapagawa at pagsasaayos ng mga lansangang bayan, kasama ang mga farm-to-market road at mga alternatibong daang mag-uugnay sa ilang bahagi ng bayang ito.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na ipaabot ang pasasalamat sa Kgg. Gloria Macapagal Arroyo na patuloy na nagmamalasakit para sa kapakanan ng bansa.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, Malacañang, Maynila; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Inhinyero at Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan